

Fact Sheet D

Mga Sagot Sa Iyong Mga Tanong Tungkol Sa Benepisyo Para Sa Permanenteng Kapansanan

Ang Permanenteng Kapansanan (Permanent Disability, PD) ay anumang pangmatagalang kapansanan mula sa iyong natamong sugat/pinsala o sakit sa trabaho na nakakaapekto sa iyong kakayahang kumita. Kung nagresulta ang iyong natamong sugat/pinsala o sakit sa PD, may karapatan ka sa mga benepisyo ng PD, kahit na maaari kang makabalik sa trabaho.

Kailangan ko bang punan ang pormularyo ng paghahabol (DWC 1) na ibinigay sa akin ng aking tagapag-employo?

Oo, kung gusto mong tiyaking kwalipikado ka para sa lahat ng benepisyo. Kung hindi ka maghahain ng pormularyo ng paghahabol sa loob ng isang taon, maaaring hindi ka makakakuha ng mga benepisyo. Dapat kang bigyan ng iyong tagapag-employo ng isang [pormularyo ng paghahabol sa DWC 1](#) sa loob ng isang araw sa sandaling malaman na ikaw ay nagtamo ng sugat/pinsala. Kung pupunan mo ang pormularyo ng paghahabol ay magbubukas sa kaso ng kompensasyon ng iyong mga manggagawa. Ang batas ng estado ay naglalalatag din ng mga benepisyo na higit pa sa mga pangunahing kailangan na maaari kang maging kwalipikado sa sandaling maghain ka ng pormularyo ng paghahabol sa iyong tagapag-employo. Kasama sa mga benepisyong iyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Isang pagpapalagay na ang natamong sugat/pinsala o sakit ay sanhi ng iyong trabaho kung hindi tinanggap o tinanggihan ang iyong paghahabol sa loob ng 90 araw mula nang ibinigay ang pormularyo ng paghahabol sa iyong tagapag-employo
- Hanggang \$10,000 sa pagpagamot sa ilalim ng mga patnubay sa medikal na pagpagamot habang isinasalang-alang ng tagapangasiwa ng mga paghahabol ang iyong paghahabol
- Ang pagtaas sa iyong mga pagbabayad para sa kapansanan kung sakaling nahuli ang mga ito
- Isang paraan upang malutas ang anumang hindi pagkakasundo na maaaring lumitaw sa pagitan mo at ng tagapangasiwa ng mga paghahabol kung nangyari ang pagtamo ng sugat/pinsala o sakit sa iyong trabaho, ang medikal na paggamot na iyong natatanggap at kung makakatanggap ka ng mga benepisyo ng PD.

Paano kung hindi ibinigay sa akin ng aking tagapag-employo ang pormularyo ng paghahabol sa DWC 1?

Hilingin sa iyong tagapag-employo ang pormularyo o tawagan ang tagapangasiwa ng mga paghahabol upang makuha ito. Ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay ang tao o entidad na humahawak sa mga paghahabol ng iyong tagapag-employo. Dapat naka-paskil ang pangalan at numero ng telepono ng entidad na ito sa iyong lugar ng trabaho sa parehong lugar kung saan naka-paskil ang iba pang impormasyon sa lugar ng trabaho, tulad ng pinakamababang pasahod. Maaari mong kumpirmahin ang tagapangasiwa ng iyong mga paghahabol sa www.caworkcompcoverage.com. Maaari mo ring makuha ang pormularyo mula sa Web site ng Dibisyon para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Division of Workers' Compensation, DWC) sa www.dwc.ca.gov. Sa kanang bahagi ng bintana ng nabigasyon, sa ilalim ng "Mga Quick Link," mag-click sa "mga pormularyo".

Sino ang magpapasya kung dapat ba akong makakuha ng mga benepisyo ng PD? Paano ang proseso nito?

Ang isang doktor ang siyang magpapasya kung ang iyong natamong sugat/pinsala o sakit ay nagdulot ng PD. Ang ulat ng doktor ay ginawang pagtatasa ng PD. Maaaring mag-iba ang prosesong ginamit para gawing pagtatasa ang ulat ng doktor (doctor's report) depende sa petsa kung kailan mo natamo ang sugat/pinsala at iba pang salik. Tinutukoy ng pagtatasa ng PD ang mga benepisyong matatanggap mo.

Pagkatapos magpasya ng iyong doktor na ang natamo mong sugat/pinsala o sakit ay nakaayos na at malamang na wala nang pagbabagong mangyayari, nasuri na ang PD. Sa oras na iyon, ang iyong kalagayan ay naging permanente at hindi na magbabago (permanent and stationary, P&S). Maaaring gamitin ng iyong doktor ang terminong maximal medical improvement (MMI) sa halip na P&S.

Sa sandaling ikaw ay P&S o umabot na sa MMI, magpapadala ang iyong doktor ng ulat sa tagapangasiwa ng mga paghahabol na nagsasabi sa kanila kung mayroon kang anumang PD. Ang doktor din ang magpapasya kung ang alinman sa iyong kapansanan ay sanhi ng isang bagay maliban sa iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho, tulad ng isang nakaraang sugat/pinsala o ibang kondisyon. Ito ay tinatawag na paghahati-hati.

Maaaring hilingin sa iyo ng tagapangasiwa ng mga paghahabol na punan ang isang pormularyo na naglalarawan sa iyong kapansanan.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa doktor?

Kung ikaw o ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay hindi sumasang-ayon sa findings ng iyong doktor, maaari kang magpatingin sa isang doktor na tinatawag na isang kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator, QME). Humiling ka ng listahan ng QME (tinatawag na panel) mula sa Medikal na Yunit ng DWC. Ipapadala sa iyo ng tagapangasiwa ng mga paghahabol ang mga pormularyo para humiling ng QME. Babayaran ng iyong tagapag-employo ang halaga ng pagsusuri sa QME. Mayroon kang 10 araw mula sa petsa na sinabi sa iyo ng tagapangasiwa ng mga paghahabol na simulan ang proseso ng QME upang isumite ang iyong pormularyo ng kahilingan sa [Medikal na Yunit ng DWC](#). Kung hindi mo isusumite ang pormularyo sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga paghahabol para sa iyo at pipiliin niya ang uri ng doktor kung saan ka magpapatingin.

May iba pang partikular at mahigpit na mga palatakdaan ng oras na dapat mong matugunan sa paghahain ng iyong mga pormularyo ng QME o mawawalan ka ng mahahalagang karapatan. Basahin ang [gabay sa Yunit ng Impormasyon at Tulong \(Information and Assistance, I at A\) 2](#) ng DWC at sumangguni sa fact sheet E para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang pagtatasa ng PD at paano ito kinakalkula?

Una, pagkatapos ng iyong pagsusuri, susulat ang doktor ng isang medikal na ulat tungkol sa iyong kapansanan (impairment). Ang ibig sabihin ng kapansanan ay kung paano nakakaapekto ang iyong natamong sugat/pinsala sa kakayahan mong gawin ang mga normal na aktibidad sa pang-araw-araw na buhay. Kasama sa ulat ang kung anumang bahagi ng iyong kapansanan ay sanhi ng isang bagay maliban sa iyong natamong sugat/pinsala sa trabaho. Nagtatapos ang ulat ng doktor sa isang numero ng kapansanan. Susunod, ang numero ng kapansanan ay inilalagay sa isang pormula upang kalkulahin ang porsyento ng iyong kapansanan. Ang ibig sabihin ng kapansanan ay kung paano nakakaapekto ito sa iyong kakayahang magtrabaho. Ang iyong trabaho at edad sa panahon ng pagtamo mo ng sugat/pinsala ay nakakaapekto sa pagkalkula ng iyong PD. Kung nasaktan ka bago mag-Ene. 1, 2013 ang iyong nabawasang kapasidad ng kita sa hinaharap ay magiging salik din para sa iyong pagtatasa. Kung gayon, tatanggalin sa kalkulasyon ang anumang bahagi ng iyong kapansanan na dulot ng ibang bagay maliban sa natamo mong sugat/pinsala sa trabaho.

Ipapakita ang iyong kapansanan bilang porsyento. Ang porsyento ng iyong kapansanan ay katumbas ng isang partikular na halaga ng dolyar, depende sa petsa ng iyong pagtamo ng sugat/pinsala at ng iyong katamtamang lingguhang sahod sa panahon ng pagtamo ng sugat/pinsala. Maaaring makatulong ang isang espesyalista sa pagbibigay ng pagtatasa mula sa [Disability Evaluation Unit](#) ng DWC sa pagkalkula ng iyong pagtatasa.

Kung ang iyong tagapag-employo ay may 50 o higit pang empleyado, at nagtamo ka ng sugat/pinsala bago mag-2013, maaari ring makaapekto sa halaga ang kung gumagawa o hindi ng angkop na alok ang iyong tagapag-employo sa iyong pagbabalik sa trabaho. Para sa mga natamong sugat/pinsala na nangyari sa o pagkatapos ng Ene. 1, 2013, tataas ang lahat ng pagtatasa para sa permanenteng kapansanan ng isang Whole Person Impairment factor na 1.4.

Paano binabayaran ang PD?

Kapag sinabi ng iyong doktor na mayroon kang PD, tatantyahin ng tagapangasiwa ng mga paghahabol kung magkano ang dapat mong matanggap at magsimulang magbayad sa iyo, kahit na hindi pa nakalkula ang huling porsyento ng kapansanan. Binabayaran ang mga benepisyo ng PD bilang karagdagan sa mga benepisyo ng pansamantalang kapansanan (temporary disability, TD) na natanggap mo. Dapat simulan ng tagapangasiwa ng mga paghahabol ang pagbabayad sa iyong PD sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng TD at ipagpatuloy ang mga pagbabayad hanggang sa mabayaran ang isang makatwirang pagtatantya ng halaga ng iyong kapansanan. Kung hindi ka lumiban ng trabaho, dapat bayaran ang mga pagbabayad sa PD mula sa petsa na sinabi ng doktor na P at S ka. Patuloy na binabayaran ang mga benepisyo ng PD bawat dalawang linggo sa araw na pinili ng tagapangasiwa ng mga paghahabol hanggang sa mabayaran ang isang makatwirang pagtatantya ng halaga ng iyong kapansanan. Kapag natukoy na ang aktwal na halaga ng PD na dapat bayaran, ang halaga na higit sa tinantiya ay dapat bayaran.

Kung nagtamo ka ng sugat/pinsala at may matatasa na permanenteng kapansanan (permanent disability, PD), simula Enero 1, 2013, ang mga bayad sa PD ay hindi dapat bayaran kung babalik ka sa binago, alternatibo o regular na trabaho sa iyong tagapag-employo sa 85 porsyento ng iyong sahod o bumalik sa trabaho para sa sinumang tagapag-employo sa 100 porsyento ng iyong sahod. Kapag natanggap mo ang iyong iginawad na PD, makakatanggap ka ng inayos na bayad simula sa huling petsa kung kailan binayaran ang TD o kapag nakagawa ka ng pinakamataas na medikal na paggaling, alinman ang mas nauna.

Paano malutas sa wakas ang aking paghahabol?

Matapos matukoy ang halaga ng PD sa isang paghahabol, kadalasang mayroong kasunduan o pag-gawad ng mga benepisyo. Dapat aprubahan ang pag-gawad na ito ng isang hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa. Kung mayroon kang abogado, dapat kang tulungan ng iyong abogado na makuha ang pag-gawad na ito. Kung wala kang abogado, dapat kang tulungan ng tagapangasiwa ng mga paghahabol na makuha ang igagawad. Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa opisyal ng I at A sa lokal na opisina ng Lupon ng Mga Apela para sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Appeals Board).

Kung sinabi ng iyong doktor na maaaring kakailanganin ang karagdagang medikal na paggamot para sa natamo mong sugat/pinsala o sakit, ang pag-gawad ay maaaring magbigay ng medikal na pangangalaga sa hinaharap.

Mayroong dalawang uri ng pag-aayos. Ang isang pag-aayos ay napagkasunduan mo at ng tagapangasiwa ng mga paghahabol.

Maaari mong lutasin ang iyong buong paghahabol sa pamamagitan ng isang lump sum na pag-aayos na tinatawag na compromise and release (C&R). Maaaring pinakamainam ang C&R kapag gusto mong kontrolin ang iyong sariling medikal na pangangalaga at/o gusto mo ng lump sum na pagbabayad para sa iyong PD. Ang karaniwang C&R ay karaniwang nangangahulugan na pagkatapos mong maaprubahan ang lump sum na pagbabayad ng hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa, ang tagapangasiwa ng mga paghahabol ay hindi mananatagot para sa anumang karagdagang pagbabayad o medikal na pangangalaga.

Maaari ka ring sumang-ayon sa isang pag-aayos na tinatawag na kondisyon na may kahilingan para sa pag-gagawad (stipulation with request for award, stip). Karaniwang kasama sa stip ang isang kabuuan ng pera at medikal na paggamot sa hinaharap. Nagaganap ang pagbabayad sa paglipas ng panahon. Susuriin ng isang hukom ang kasunduan.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pag-aayos sa tagapangasiwa ng mga paghahabol, maaari kang pumunta sa hukom sa kompensasyon ng mga manggagawa, na siyang magpapasya sa iyong iginawad na PD. Ang findings ng hukom ay tinatawag na findings at award (F&A). Ang F at A sa pangkalahatan ay binubuo ng halaga ng pera at isang probisyon para sa tagapangasiwa ng mga paghahabol na magbayad para sa naaprubahang medikal na paggamot sa hinaharap.

Kung magresulta ang iyong natamong sugat/pinsala sa isang permanenteng kapansanan at natukoy ng estado na hindi katumbas ng iyong benepisyo sa PD ang halaga kumpara sa pagkawala ng iyong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang pera mula sa Return to Work Supplement Fund ng [Department of Industrial Relation \(Kagawaran ng Ugnayan sa Pang-industriya\)](#). Kung mayroon kang mga tanong o sa tingin mo ay kwalipikado ka, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng I & A o pumunta sa website ng DIR sa www.dir.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para makahanap ng lokal na opisina ng [I at A https://www.dir.ca.gov/dwc/landA.html](https://www.dir.ca.gov/dwc/landA.html). Maaari ka ring mag-download ng mga [gabay sa I at A](#) at makakuha ng impormasyon sa [mga workshop](#) para sa mga manggagawang nagtamo ng sugat/pinsala.

Ang impormasyong nakapaloob dito ay pangkalahatan at hindi nilayon bilang kapalit ng ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na katotohanan ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga ligal na interpretasyon na iba sa mga ipinakita dito.



Ang misyon ng DWC: Pagbabawas sa epekto ng mga sugat/pinsala at sakit na nauugnay sa trabaho. Pagtulong sa paglutas ng mga pagtatalo o hindi pagkakaunawaan sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa. Pagsubaybay sa pangangasiwa ng mga paghahabol.

Tumawag sa 1-800-736-7401 o pumunta sa website na www.dwc.ca.gov para mahanap ang Yunit para sa Impormasyon at Tulong (Information & Assistance Unit) na malapit sa iyo.